1

Paroon at parito sa paglalakad si Mirabelle Romano, halatang naiinip na siya. Nasa baggage cart pa rin ang malaking maleta niya at kanina pa niya hinihintay ang tauhan sa airline company na siyang magdadala ng kanyang 'most precious cargo'. Mahigit labintatlong oras ang flight niya mula Paris hanggang dito sa Pilipinas at halata na sa kanyang mukha ang pagod. Hindi na naitago ng suot niyang eyeglasses ang lalim ng kanyang mga mata, at wala na rin sa kaayusan ang buhok niya na basta na lang itinali.

Sa kabila niyon, hindi iilang taong naroon ang napapatingin sa direksyon niya. Walang dudang maganda siya. The way she presented herself—the straight as an arrow posture, the confidence in every movement, and the dark brown eyes that had a sharp, almost eagle-like stare in them— gave her a certain kind of aura that simply demanded attention. It told anyone that this was a woman who had iron will and determination.

Sa madaling salita, hindi siya ang klase ng babae na pipiliin ng isang lalaki para mahalin at pakasalan kung ang tipo nito ay iyong submissive at masyadong inosente pagdating sa pag-ibig… kaya siguro hindi pa natatagpuan ni Mirabelle ang Prince Charming sa edad niyang beinte-ocho. Siguro kung ganoon mag-isip ang lahat ng lalaki sa mundo, malamang nakatakda na

siyang tumanda mag-isa. Naisip niya bang iyakan iyon? Was she writing journal entries about how unfair life was? Hell, no. Kung ayaw ng mga lalaki sa kanya, puwes, ayaw rin niya sa mga ito. Who needed men, anyway, when she had the most wonderful and caring friends and the most beautiful feline best friend in the whole world?

"Virgil!" masayang hiyaw niya nang iabot sa kanya ng freight people ang precious cargo niya. Sinilip niya ang cat carrier at nasalubong ng paningin niya ang matatalim na asul ng mga mata ng pusa na tila puno ng galit. Normally, very docile at tamad pa nga ang Persian cat niya, pero walang hayop na gugustuhing makulong sa cargo area ng eroplano nang ganoong katagal. Magulo na ang puting balahibo nito, malamang epekto ng pagpipilit na makalabas mula sa cage nito habang nasa eroplano. Sinuri niya ang carrier at nagpapasalamat na naalala iyong linisin ng airline crew.

"I'm sorry you had to endure that, Baby. But it's either we endure thirteen hours of torture or I leave you behind to feed yourself," Mirabelle cooed. Marahang kumurap ang pusa at saka umiwas ng tingin. Kung naging tao ito, malamang pinaiikot na nito ang eyeballs nito at sasabihin sa kanya, 'Hindi ako baby. Tigil-tigilan mo'ng pag-baby talk sa akin, puwede ba.'

Nilingon niya ang staff ng airline at magalang na nagpasalamat. Naramdaman niyang nag-vibrate ang *BlackBerry* na nasa bulsa niya. Inilabas niya iyon at napangiti nang makita

ang pangalan ng caller.

"I can't believe isinama mo pa talaga 'yang pusa mo," ani Ethan Serrano. Sinilip siya nito sa rearview mirror mula sa kinauupuan nito sa driver seat ng *Mitsubishi Montero* nito.

Patungo sila sa temporary apartment ni Mirabelle sa Makati. Katabi niya sina Andrea Mempin at ang fiancé nitong si Mario Dionisio. Nasa passenger seat naman sa harap si Altair Morales. Ayon kay Mario, para raw silang boyband na kompletos recados—si Mario iyong buffed, si Mirabelle iyong brains ng grupo, si Andrea iyong cute, si Ethan iyong talented guy, at si Altair ang heartthrob at ultimate playboy. Kung mayroong manguwestyon na hindi sila puwedeng boyband dahil technically ay dalawa silang babae sa grupo, isasagot lang ni Mario na 'honorary' boys sila dahil hindi sila mukhang babae kundi mga effeminate na lalaki. That would provoke five-foot Andrea into trying to knock down her 6'1" tall fiancé with punches.

Sa ganoong paraan na-develop ang dalawa, actually; napikon si Andrea sa pang-iinis ni Mario rito ukol sa 'boyishness' at hinamon ito ng away. Tinalo nito ang binata matapos ang isang very well executed judo flip. Hindi maliwanag kung ano talaga ang nangyari sa pagitan ng dalawa. Ayon kay Andrea, si Mario ang unang nanghalik, kabaligtaran naman ang statement ng binata. Anuman ang tunay na kuwento, hindi na siguro nila malalaman. They were just glad that those two finally did something about

their burning sexual tension.

"Hay naku, Mira! Sinasabi ko sa 'yo, having a cat is a death sentence to your love life. There's a reason why it's always the old maids who have plenty of cats in their houses."

She rolled her eyes. "Hoy, Altar!" Iyon ang tawag niya rito kapag nag-aasaran sila. "'Yang sarili mong love life ang problemahin mo bago ang sa iba, ano! Ano na ang nangyari d'un sa Korean model na ipinagyayabang mo sa *Facebook* three weeks ago?"

"Oh, si Hae-Won ba 'yun?" untag ni Ethan; nilingon nito si Altair na napabuntong-hininga.

"Akala ko si Mee-Yon iyon?" sagot naman ni Mario.

"Teka, parang Myung-Hee yata ang pangalan…" salungat nito.

"Baka lahat sila?" dagdag ni Mirabelle.

"Al, didn't you brag about finally adding 'Korean' to your, ehem, diet? Don't tell me you had three Korean girls in the span of three weeks." Sinipa ni Andrea ang upuan ng kaibigan.

"All right, all right!" Altair exclaimed. Itinaas pa nito ang mga kamay na parang sumusuko. "You get all concerned over a friend's love life chances and this is what you get."

Sinundot ni Mario ang balikat nito. "Tama naman si

Mirabelle. You're, what, thirty-five years old? Matanda ka na para sa ganyang 'I have a sexual appetite of a seventeen-year-old' shtick."

"I'm a perfectly healthy full-blooded male. If that connotes having a healthy sex life, hey, I'm not gonna complain," pabale-walang sagot ni Altair.

"Yeah, you're all healthy 'til you get an STD," pabulong na turan ni Mirabelle.

"Narinig ko 'yun." Nilingon siya nito. "I'm always careful, you know that."

"And are you also careful of not breaking hearts, Al?" she asked sweetly, batting her eyelashes.

Kumurap si Altair nang ilang beses na para bang na-distract ito ng kung ano, bago nagkibit-balikat. "The women I've been with always knew from the start it was a one-night deal. Kung umasa man sila ng higit pa roon, hindi ko na problema 'yun."

"Ah, always the romantic," sagot ng babae na malinaw ang sarkasmo sa tono.

"Hey, think whatever you want, Mira. Di ko kailangan ng approval mo. My system has been working for a long time now. I don't see the need to change it," ani Altair. Bumaling ito sa bintanang katabi nito.

Nagkatinginan sina Mirabelle, Andrea at Mario. "Life has a

way to screw up with your plans, you know. 'Wag na 'wag kang iiyak sa amin when you've finally met your match."

Ikinumpas nito ang isang kamay. "Malaki na ako. If life wants to screw with me, I say, bring it. I can take whatever bullshit life throws my way."

"Take it literally lying down, I bet," biro ni Ethan na ikinatawa nilang lahat, maliban kay Altair na ngumiti lang.

Muntik nang mapatalon sa gulat si Mirabelle nang gulantangin ng tunog ng ringtone niya ang katahimikan sa kanyang apartment. Inabot niya ang kanyang Bluetooth headset at mabilis na ikinabit iyon sa tainga.

"Hello?" bati niya.

"Mirabelle? It's Bernard. How was your flight?" Isang malalim na tinig ang sumagot mula sa kabilang linya. Kapansin-pansin ang thick accent nito sa pagsasalita.

"Oh, Dr. Gravois! It went very well, thank you. How are things?" Ang lalaki ang immediate superior niya sa *European Space Agency* or *ESA*. Isang buwan lang sana ang ipa-file niyang leave dahil matagal na rin mula noong huli siyang umuwi sa Pilipinas, pero pinayagan siya ng mabait na doctor na magdagdag ng isa pang buwan na pahinga.

"Things are doing well here, though we're starting to miss

you. How is Virgil?"

It always amused Mirabelle that her cat was quite popular with her workmates at *ESA*. "He was pretty pissed off at me after the flight and was restless last night. I think he was looking for the little bed you gave him last Christmas. I think you spoiled him; that bed is pretty fluffy."

Tumawa ang Frenchman. "Well, my wife does tell me that I like spoiling our kids all the time. So, how are you? It must be early in the morning there. You sound… perky. No jet lag?"

"No, not really, though I did sleep longer than usual," she giggled lightly. "I haven't even unpacked my stuff yet."

Sa sumunod na mga minuto, pinag-usapan nila ang partisipasyon niya sa next mission ng *ESA*. Nagpaalam na rin si Dr. Gravois matapos ang mariing bilin na i-enjoy niya ang dalawang buwang bakasyon na iyon. Nakangiti pa rin ang dalaga habang tinatanggal ang headset. Para talagang isang tunay na ama kung tratuhin siya ng matanda, bagay na na-miss niya dahil wala siyang nakilalang biological father.

Iniwan silang mag-ina ng kanyang ama noong dalawang taong gulang pa lang siya. Sumama raw ito sa ibang babae, ayon na rin sa kanyang ina noong may isip na siya para magtanong ukol sa daddy niya. Hindi niya kaagad naintindihan ang sagot nito hanggang sa tumuntong na siya ng high school. Hindi niya pinansin ang anumang pagsuyo na ipinapakita sa kanya, sa

takot na lahat ng lalaki ay kagaya ng kanyang ama—madaling marahuyo, hindi marunong mag-commit.

Nasa kolehiyo na siya noong ma-realize niyang masyado siyang immature para gumawa ng mga ganoong generalizations. Noon ding mga panahong iyon ay nakilala niya sina Andrea at Mario na parehong Art students. Naabutan siya ng mga ito na mag-isang kumakain sa cafeteria at naawa sa kanya na isang 'weird' Physics student. She eventually became close to them and they became inseparable. Sa katunayan, iniisip ng ilang schoolmates nila na isang milagro iyon na nakasundo ng mga 'emotional' artists ang 'cold' scientist.

Second year na sila sa kolehiyo noong makilala nila sina Ethan at Altair. Classmate ni Andrea si Ethan na nanligaw pa nga rito noon kung hindi lang na-intimidate sa imposing stature ni Mario. Si Altair, na kaibigan ni Ethan, ay isang Hotel and Restaurant Management student. Kung pagmamasdan ang lalaki ay tila hindi ito ang tipo na marunong magluto subalit natuto rin.

Nakasundo kaagad ni Mirabelle si Ethan. Engineering kasi ang course nito kaya naiintindihan nito ang pinag-aaralan niya. Matalino ito at witty, hindi ganoon kaguwapo pero habang tinitigan ay lumalabas ang appeal nito.

In stark contrast, Altair was a major head-turner. Ihihinto ng kahit sino ang anumang ginagawa para titigan ito. Noong una itong makilala ni Mirabelle, pakiramdam niya ay nag-flip-flop ang puso niya. She had never seen a man as handsome as him before.

His eyes were light brown, almost amber and his high, almost aquiline nose was paired off with too kissable lips. Maganda ang katawan nito, primarily dahil dancer ito at isa sa leading members ng dance group ng eskuwelahan. Ilang beses na niya itong nakitang sumayaw at biro pa nga ni Andrea, malamang daw nakuha ni Altair ang wicked dance moves nito mula sa 'grinding' na pinaggagagawa nito sa kama.

Hindi niya ito gusto noong una. He was pretty much the epitome of what she hated in a man. Dumagdag pa sa mistrust niya ang jaw-dropping good looks nito. Pero over time, nalaman niya rin na sa likod ng mababaw na facade ng binata, mahusay itong magsalita, matalino at may malasakit sa mga kaibigan. Noong namatay ang nanay niya kulang sampung taon na ang nakakaraan, ito ang nag-iisang nanatili sa tabi niya sa loob ng ilang araw matapos ang libing; sinisigurong kumakain siya at natutulog nang maayos. One memory most especially stood out.

"I don't get it, Al. Bakit hinayaan ng Diyos na mangyari ito? Pagaling na siya, eh. Gusto pa naman sana niyang makita akong magtapos ng doctorate degree ko. Sabi niya um-okay na ang pakiramdam niya. I could even see that she looked healthier! Bakit kailangan pa niyang mamatay?" hikbi niya, marahas na pinalis ang luha sa kanyang mga pisngi.

Marahang hinawi ni Altair ang ilang hibla ng buhok na tumabing sa kanyang mukha at hinapit siya palapit. Wala itong sinabi. Walang salitang maaaring magpalubag ng loob niya nang

oras na iyon, ngunit sapat na para sa kanya ang yakap ng isang kaibigan.

She was most vulnerable at that time. Maaari siyang samantalahin ni Altair noon, pero wala itong ginawang kahit anong moves noon. Lumago ang respeto niya rito kahit pa alam niyang playboy pa rin ito.

Isang taon matapos ang kamatayan ng ina, umalis siya ng bansa para i-pursue ang pangarap niya at mag-aral sa *University of California* sa Berkeley. Hindi iyon naging madali kahit pa may mga naipon naman ang ina para sa edukasyon niya. She found herself trying to juggle two researching jobs while attempting to get good grades for her Astrophysics degree. Matapos ang apat na taon, ilang toneladang caffeine, balde-baldeng luha at maraming puyat, natanggap ni Mirabelle ang Ph.D. niya.

Naalala pa niya, nalulungkot pa siya ilang araw bago ang graduation dahil sa pagkaalala sa kanyang ina na hindi man lang siya makikitang umakyat sa entablado. Nagkulong siya sa apartment niya, intent on moping the days away, hanggang sa makarinig siya ng malalakas na katok sa pinto niya. Nabigla siya nang mapagbuksan sina Andrea, Mario, Ethan at Altair na malalawak ang ngiti sa kanya.

Wala siyang salita noon, at kahit hanggang ngayon, para i-express ang pasasalamat niya sa mga ito. Na-touch siya na nag-effort pa ang mga kaibigan na lumipad mula Manila patungong California para makita siyang mag-graduate. She finally broke

down during the after graduation party. It was embarrassing, to say the least. At natatawa namang niyakap siya ng mga kaibigan hanggang sa halos napipi na siya ng mga brasong nakapalibot sa kanya. It was so ridiculous, but she was never happier than that moment. Nawalan siya ng ina, pero biniyayaan naman siya ng mga kaibigan na siyang pumuno sa pagkukulang na iyon.

Isang malambot na buntot ang dumaiti sa kanyang binti; iyon ang pumutol sa daloy ng iniisip niya. Niyuko niya si Virgil na nakatingala sa French toast na hawak niya. Nilingon niya ang food bowl nito na wala na ngayong laman. She rolled her eyes. “No, you already had your breakfast. Akin na ’to.”

Naupo ito at tumutok sa kanya ang asul na mga mata nito.

Nakangiting umiling siya. “That kind of look only works on dogs, you know.”

Nagpatuloy ang Persian cat na tumitig sa kanya. Ilang minuto silang nag-staring contest hanggang sa siya ang sumuko. “Oh, all right. Fine! You silly kitty.” Pinulot niya ito at ipinatong sa kandungan. “I’m only spoiling you like this because you’re the only man in my life,” aniya habang binibigyan ng maliit na piraso ng French toast si Virgil.